

PROLOGUE

Sabado. Nasa mansion ng mga Chen ang mga kabarkada ni Summer. Kinakabahang nakaupo sina Jade, Doris at Micca sa sofa nang daluhan ni Summer na may dalang isang bowl mula sa kusina.

“Ano? Nakakuha ka ba?” baling niya kay Jade.

“O-oo naman.” Binuksan nito ang dalang bag at mula roon ay inilabas ang isang hairbrush.

Lalong lumapad ang ngiti ni Summer. “Ang galing mo talaga.” Kinuha niya rito ang hairbrush at ibinaba sa lamesita katabi ng bowl.

“Naiwan lang naman niya iyan sa CR. May kausap kasi si Angela sa cell phone niya nang lumabas sa CR. Nakalimutan yata niya na ipinatong niya iyan sa lababo.”

“Hindi kaya si William ang kausap niya?” sabat ni Doris. “Sabi ni Jade, narinig niyang sinabi ni Angela na iyong kausap lang niya ang dahilan kaya siya pumasok sa school natin. Panay pa nga raw ang I love you sa phone. Si William nga siguro iyon. Narinig ko noong isang araw, hiningi niya ang number—” Tumigil ito sa pagsasalita nang makita

ang nakamamatay niyang tingin dito.

Hindi na lihim sa mga ito ang pagkakagusto niya kay William. Ipinaalam din niya sa mga ito na sa huli ay sa kanya magpapakasal si William. Alam niya iyon dahil palihim na sinabi ng mama ng binata na siya ang gusto nitong maging manugang. Family friend nila ang pamilya ng mga ito kaya nararamdaman niyang arranged marriage ang hantungan nila kagaya ng mga pinsan at magulang niya. At si William na lang ang kilala niya sa kanilang sirkulasyon na binatang malapit sa edad niya kaya sigurado siyang ito ang mapipili ng papa niya, na ipakasal sa kanya. May lahi rin kasi itong Chinese tulad niya.

Ang hindi lang matanggap ni Summer ngayon ay ang harap-harapang pagpapakita ni William ng interes sa transferee na si Angela. Ang akala pa naman niya, may *mutual understanding* na sila ng lalaki. Hindi niya alam kung pinagseselos ba siya nito o ano. Ang malinaw lang sa isip niya, hindi puwedeng maagaw ni Angela si William sa kanya.

“Teka lang, Summer, ano ba talaga ang gagawin mo sa buhok ni Angela?” tanong ni Micca.

Nginitian niya ito at ipinatong sa center table ang hawak na bowl. Inilabas niya ang asul na kandila at kung anu-ano pang mga abubot. Lumapit siya

sa kanyang bookshelf at may kinuhang libro roon. Nakangiti pa rin siya nang bumalik sa mga ito.

“Nakakatakot ang ngiti mong ’yan. Ano ba talaga ang gagawin mo?” tanong ni Doris.

“Relax lang. Wala namang masasaktan sa gagawin ko, eh.” Simula pagkabata, interesado na siya sa witchcraft at spells. Natutuwa siyang bumili ng mga libro ng mga orasyon, pero wala pa naman siyang nakukulam. Naisip niyang ito na ang tamang pagkakataon para ma-testing niya iyon. Umupo siya sa carpeted na sahig at binuklat ang libro sa page ng spell na gagamitin niya.

“Patingin nga muna niyan.” Inagaw sa kanya ni Micca ang libro at marahang binasa. Mayamaya ay tumawa ito.

“Ano’ng tinatawa-tawa mo riyan?” Inagaw niya rito ang libro niya.

“Binasa mo ba muna ’yan?”

“Oo naman, ’no?” Binasa pa niya iyong mabuti para masigurong walang mangyayaring masama sa taong kukulamin niya. At saka hindi naman talaga kulam iyon. Parang light spell lang. Sabi naman sa unahan ng libro, basta raw naniniwala, totoong mangyayari ang spell na gagawin niya.

“Eh, sabi diyan, para daw ito sa mga lalaking nanliligaw sa 'yo na hindi mo gusto. Para hindi ka na niya guluhin pa.” Natatawa pa rin si Micca.

“Ano'ng nakakatawa? Eh, ginugulo rin niya ang buhay ko!”

“Fake naman yata 'yan, Summer. Mukhang di totoo, eh,” gatong ni Jade. “Ngayon lang ako nakarinig ng gan'un.”

“Kaya nga te-testing-in, eh.” Hindi na umimik pa ang mga ito kaya nagsimula na siya. Binasa na niya ang instructions mula sa libro at sinindihan ang kulay asul na kandila. Kumuha siya ng ilang hibla ng buhok mula sa hairbrush na dala ni Jade at inilagay rin iyon sa bowl kasama ang ilan pang ‘ingredients’ na pinaghirapan pa niyang suyurin sa Baclaran. Inilagay niya sa isip ang mukha ni Angela Policarpio at binigkas ang nakasulat na spell mula sa libro nang tatlong beses. Wala namang masama sa spell na binigkas niya kaya alam niyang safe talaga iyon.

Pagkatapos niyang magdasal ng kung anong nakasulat sa libro ay sinunog niya lahat ng laman ng bowl gamit ang kandila at hinintay na tuluyang maging abo iyon. Wala nang nagawa ang tatlo kundi panoorin siya at mapailing na lang. Mukhang hindi pa rin kumbinsido ang mga ito na magkakatotoo ang

spell na binigkas niya.

Dumating ang Lunes na pinakahihintay niya. Excited na siyang malaman kung totoo ba iyong sumpa at kung ano ang mangyayari kay Angela. Pinagtatawanan pa rin siya nina Doris at Micca hanggang sa first subject nila dahil sa paniniwala niya sa sumpa. Ngunit nang magsimula na ang klase, binulungan siya ng katabing si Jade na hindi pa nga nito nakikita si Angela.

At nang lunch break nga na iyon ay napag-alaman nilang nag-drop out na si Angela sa school nila. Napangisi si Summer sa mga kabarkada niya. Nagmamayabang dahil tumalab ang spell na ginawa niya. Ngunit hindi rin nagtagal ang kasiyahan niya dahil ilang oras lang matapos niyang marinig ang balita ay na-guilty siya. Idagdag pa na walang nakakaalam ng rason kung bakit ito nag-drop out.

1

Eight years later...

“Summer, matagal ka pa ba? Late na tayo!” Naglitanya pa ang mama ni Summer na nasa labas lang ng kuwarto niya.

“Andiyan na!” Muling pinasadahan ng dalaga ang repleksyon niya sa salamin. Kailangang maging mas maganda siya ngayon. Hindi naman siya na-disappoint sa nakikita.

Suot niya ang isang simple ngunit eleganteng blue green na tube dress na sinadyang tahiin para sa okasyon. Simple lang din ang makeup niya pero pakiramdam ni Summer ay prinsesa talaga siya ngayong gabi.

Kaarawan ngayon ng papa niya. Kadalasan, sa mansion, sa hotel, sa beach o sa mga kilalang lugar idinaraos ang mga okasyon sa pamilya nila. Kahit saan puwede dahil afford naman nila.

Alam niyang gagastusan din ng kanyang ama ang pagdiriwang ng kaarawan nito ngayong taon,

hindi lang niya maintindihan kung bakit sa company building nila nito napiling maghanda. Hindi na rin siya nagtanong dahil isa lang ang iniisip niya ngayon. Si William.

Hanggang ngayon, si William pa rin ang itinitibok ng puso niya. At excited na siyang makita uli ito. Halos tatlong buwan na mula nang huli silang magkita. Iyon ay bago siya nagtungong Paris para magliwaliw roon. Nami-miss na niya ito. Wala pa rin silang relasyon nito, pero hindi talaga siya nag-effort pa na magkaroon ng 'something' sa pagitan nila dahil sigurado naman siya na ito ang mapapangasawa niya.

Ilang minuto lang ang naging biyahe mula sa kanilang mansion hanggang sa reception kung saan nagkukuta ang *Formosa Industries* na ipinundar pa noon ng kanyang lolo at kasalukuyang pinangangasiwaan ng kanyang ama na katulad niya ay nag-iisang anak din.

Marami nang tao sa loob ng malaking bulwagan na ginagamit din kapag may launching ng bagong produkto ang kompanya. Nahagip ng kanyang mga mata ang ama niya na nauna na sa kanila. May kausap itong mga tao na hindi niya kilala. Kung sabagay, halos lahat naman ng naroon maliban sa

ilang kamag-anak nila ay hindi niya kakilala.

Iginala pa niya ang tingin sa paligid. Nasa dalawampu ang mga mesa. May buffet table sa likod at may makeshift stage sa unahan kung saan may chamber orchestra na tumutugtog ng classical music.

Binabati sila ng bawat makasalubong habang ang ilang kamag-anak nila na naroon ay maganda ang ngiti sa kanya. Hindi na lang muna pinansin ni Summer ang mga ito. Hindi kasi siya close sa mga kamag-anak nila dahil palagi siyang nasa galaan.

Muling gumala ang kanyang mata at isang pares ng mga mata ang nakasalubong niya. Hindi nakangiti sa kanya ang may ari ng mga matang iyon. Nakatingin ito na para bang pinag-aaralan ang bawat galaw niya. May naramdaman siyang kakaiba nang magtama ang kanilang mga paningin, ngunit pinili niyang huwag na iyong pansinin.

Hindi niya nakita si William, pero nahagip ng tingin niya ang tatlong kabarkada na nasa iisang lamesa. Nagpaalam na siya sa kanyang ina at lumapit sa tatlo.

“Nakita n’yo na si William?” tanong ni Summer matapos makipagbeso sa tatlo. Umupo siya sa tabi ni Micca.

Umiling ang mga ito.

“Huwag kang mag-alala. Darating iyon,” ani Jade.

“Buti na lang, um-attend kayo. Kung hindi, siguradong mamamatay ako sa sobrang boring ng party na 'to.”

Hanggang ngayon, hindi pa rin sila nagkakahiwa-hiwalay. May kanya-kanya nang buhay ang mga ito at busy palagi sa pagpapatakbo ng family business kaya palagi siyang mag-isa sa mga lakad niya. Tinatamad kasi siyang magtrabaho di tulad ng mga ito. At saka, nagrerebelde si Summer sa sarili niyang paraan na sa palagay niya ay hindi masyadong obvious.

Nagpapakasarap na lang siya sa paggagala at paglilibot at masyadong busy ang parents niya para pakialaman siya.

“At least, masarap ang pagkain,” pakonswelo ni Doris.

Noon lang napansin ni Summer na may mga plato na sa mesa at nasa kalaghatian ng pagkain ang mga ito.

“Kumuha na kayo ng pagkain? Di n'yo man lang ako hinintay? Ang daya!”

“Ang tagal mo kaya. Gutom na kami, ano!” sagot ni Jade.

“Hindi ko na kayo friends.” Pabiro niyang tinalikuran ang mga ito para lumapit sa buffet table at kumuha ng pagkain.

Nagningning ang mga mata ni Summer nang makakita ng isaw ng manok sa mesa. Paborito niya iyon. Siguradong request iyon ng kanyang ama dahil alam nito na paborito niya iyon. Ayon sa mga kaibigan niya, siya lang ang mayaman na jologs. Kalimitan daw kasi ng mga milyonaryo, hindi kumakain ng street food. At iyong nakakadiri pa raw ang paborito niya.

Hindi na lang niya pinapansin ang sinasabi ng mga ito. Paborito pa rin niya ang isaw. Halos mapuno na niya ng isaw ang plato niya nang makarinig ng boses mula sa kanyang likod.

“Excuse me, Miss—”

Hinarap niya ito, pero paglingon niya ay may natamaan ang kanyang siko. Namilog ang tsinitang mga mata niya nang mapanood ang pag-agos ng wine mula sa baso ng may hawak nito papunta sa puting polo na suot ng lalaki. Para pa ngang nag-slow motion iyon. Naibuka niya ang bibig ngunit hindi siya makapagsalita. Unti-unti niyang tiningnan kung

sino ang nabunggo niya at nagulat nang makitang ito iyong guest kanina na hindi marunong ngumiti. Mukhang ngayon ay nainis pa ito sa kanya at sa tingin niya ay pagagalitan na siya.

Ang kapal naman ng mukha niyang ipakitang naasar siya sa akin! Napalitan ng pagkainis ang kaninang pagkagulat ni Summer.

Handa na sana siyang humingi ng pasensya rito ngunit nagbago ang isip niya.

Hindi ba niya kilala kung sino ako? Ako kaya ang prinsesa dito! Ako ang nag-iisang anak ng may birthday! Ang kapal ng mukha nito!

Bago pa nakapag-isip si Summer, binelatan na niya ang lalaki at tinalikuran para bumalik sa table nila.

Guwapo ka na sana, maitim ka lang!

Totoong guwapo ito. At hindi totoo na dahil hindi ito kasing-puti ni William ay nakabawas na iyon sa appeal ng lalaki. Mukha itong suplado, lalo nang magsalubong na sa galit ang mga kilay, pero aminado si Summer na may kakaiba itong karisma.

Basta. Mukha pa ri siyang tatlong araw na nag-sunbathing!

Hindi naman sa ayaw niya sa maiitim. Proud nga si Summer na may dugong Pilipino siya. Hindi lang talaga siya fan ng mga tall, dark and handsome. Gusto niya iyong mga flower boy type.

Bumalik na siya sa kanyang upuan at sinimulang kainin ang mga isaw na parang walang nangyari. Mabuti na lang, wala ring nakapansin sa kaganapan kani-kanina lang. Ibinalik niya ang tingin sa buffet table. Wala na roon ang lalaki. Malamang ay umuwi na ito.

Mabuti naman.

Ipinagpatuloy na niya ang pagkain at napahinto lang nang sikuhin siya ni Micca.

“Andiyan na si William.”

“Saan?” Awtomatikong nag-angat siya ng tingin at sinundan ang direksiyon ng mga mata ni Micca patungo sa lalaking laman ng kanyang puso.

Inihanda ni Summer ang pinakamatamis niyang ngiti. Agad naglaho ang ngiti niya nang makitang hindi nag-iisa ang lalaki. May kaagapay itong babae. Maganda.

Pero siyempre, mas maganda pa rin siya.

Nagtama ang mga mata nila ni William.

Bahagyang ngumiti ito at tumango sa kanya bago iginiya ang babaeng kasama nito sa gawi nila. Alam niyang hindi ito ang unang beses na nagkaroon ito ng nobya, pero ito ang unang beses na nakita niya itong may kasamang iba.

“Hello girls,” bati ni William sa kanila.

“Hi,” walang emosyong bati niya.

Bumati rin ang tatlo rito.

“I would like you all to meet my girlfriend, Ruth Baquillas.” Tumingin ito sa kasama at ngumiti sa dalaga bago muling tumingin sa kanilang magbabarkada.

“Hi,” nakangiting bati ni Ruth, naka-display ang magagandang dimples.

“These girls are my friends. Si Summer,” Itinuro siya ni William, “Anak siya ng may birthday. Ito naman, si Micca, si Doris at si Jade.”

Binati si Ruth ng tatlo. Hindi niya kasi magawang batiin pa ito. Parang nanuyot ang lalamunan niya at hindi siya makapagsalita. Inabot niya ang kopitang may lamang tubig at ininom iyon.

Hindi nagtagal ay nagpaalam na ang magkasintahan para kumuha ng pagkain. Namayani

ang katahimikan pagkaalis ng dalawa. Nakikiramdam ang tatlo sa kanya samantalang siya ay hindi gumagana ang isip. Pakiramdam ni Summer ay nabuhusan siya ng napakalamig ng tubig at hindi siya makagalaw. Hindi na niya alam kung ilang minuto siyang nakatulala na parang timang. Nagulat pa siya nang tapikin siya ni Micca sa balikat.

“Okay ka lang?” Medyo nag-aalala ang boses nito.

Hindi pa rin siya makasagot.

Itinuro ni Micca ang stage at nakita niya roon ang kanyang ama na may hawak na mikropono. Mukhang nagsisimula na ito sa pagbibigay ng nakakaantok na speech.

Ang nakapagtataka, halos lahat ng tao, pati na rin ang kanyang ama ay nakatingin sa kanya. Binalingan niya uli si Micca, nagtatanong ang mga mata.

“Tinatawag ka ng Papa mo sa stage.” Si Doris ang nagsalita.

“Ha?”

Hindi na ito nakasagot dahil nakita na niya ang mama niya na papalapit sa kanilang mesa. Inalalayan siya nitong tumayo at nakangiti itong bumulong sa

kanya.

“Please don’t make a scene here. Ngumiti ka lang.”

Naintindihan ni Summer ang ibig nitong sabihin at ngumiti siya. Mukhang dumating na ang oras ng announcement ng engagement niya. Sa wakas, ikakasal na sila ni William.

Kunsabagay, matagal na siyang nasa edad para mag-asawa. Malapad ang ngiti niya habang umaakyat sa makeshift stage kasama ang mama niya.

“Dear friends, family and colleagues, we’d like to share that our daughter Summer...” Inakbayan siya ng ama. Mabigat ang kamay nito na para bang sinasabi na huwag siyang kokontra. Hindi naman talaga siya kokontra. “Summer is now officially engaged to a very good man. I’d like to call on stage her fiancé—Mr. Matthew Jimenez.”

Matthew Jimenez? Di ba dapat William Chua?

Nagkamali ba ng sinabing pangalan ang papa niya? Hindi na siya nakapag-react pa nang makita ang pag-akyat sa stage ng lalaking natapunan niya ng wine kanina. Kahit walang itong kangiti-ngiti, wala sa mukha nito na nagulat ito sa announcement na iyon.

“Teka lang...”

Magpoprotesta pa sana siya, pero wala yatang nakarinig dahil nagpalakpakan na ang mga tao habang tinatabihan siya ng lalaking may marka na ng wine ang damit.

Hindi pa rin ito ngumingiti at basta na lang tumayo sa tabi niya. Ni hindi siya nito pinansin.

Ang kapal talaga ng mukha!

2

“Wala ba kayong balak i-explain kung ano’ng nangyari?” tanong ni Summer sa mga magulang pagkauwi nila sa mansion. Pinigil niya ang sarili na magwala sa party kanina, pagkatapos ianunsiyo ng papa niya na engaged na siya sa lalaking kanina lang niya nakita, para na rin hindi mapahiya ang kahit sino sa kanila.

Pero hindi niya mapapalampas ang gabing ito nang hindi niya nalalaman kung bakit siya ipapakasal sa Matthew Jimenez na iyon.

“Pakakasal ka kay Mr. Jimenez, tapos!” madiing sabi ng papa niya.

Oo, matigas ang ulo niya at madalas siyang napapagalitan nito, pero ngayon lang niya ito narinig na magsalita sa ganoong tono. Nakakatakot, pero hindi siya dapat magpasindak. Future niya ang nakasalalay rito. “Hindi ko ba puwedeng malaman ang dahilan? Buhay ko naman ang sisirain ninyo, hindi ba?”

“Magpapakasal ka dahil sinabi ko. Alam mo na naman na dinadaan sa arranged marriage ang mga

relasyon sa angkan natin, di ba? Ano't nagtatanong ka pa?"

"Pero hindi ko kilala ang lalaking iyon. Mukha ngang hindi siya Chinese, eh. Sa kulay pa lang, halata na. At least, kayo ni Mama, kilala n'yo na ang isa't isa bago kayo ikasal," pangangatwiran pa rin niya.

Malapit na magkaibigan din ang pami-pamilya ng Mama at Papa niya bago ipinagkasundo ang mga ito na ipakasal. Kaya nga naisip niya na si William talaga ang ipapakasal sa kanya. Kung ganoon lang sana ang nangyari, di wala siyang magiging reklamo.

"Wala ka nang magagawa pa. Ikakasal kayo ni Matthew six months from now. Kung ang rason mo lang para hindi magpakasal ay hindi mo siya kilala, mahabang panahon na ang anim na buwan para kilalanin ninyo ang isa't isa."

"Pero ayaw kong magpakasal sa kanya." Naiiyak na si Summer. Pasaway siya, pero kahit kailan, hindi pa niya nasusuway nang direkta ang mabibigat na utos ng papa niya.

"Malaking halaga ang utang natin sa mga Jimenez." Noon lang niya nilingon ang mama niya na umiiyak na rin pala. Panay ang punas nito ng luha gamit ang panyo nito.

Natigilan si Summer sa sinabi ng ina. Mayaman sila, di ba? Paano sila magkakautang? Isa ba itong trick ng mga magulang niya para mapapayag siyang magpakasal sa Matthew na iyon?

“You’re lying, right?” Hindi biro ang nawaldas niya nitong mga nakaraang buwan. Kung naghihirap na talaga sila, saan nanggagaling ang perang ibinibigay ng mga ito sa kanya? Muli niyang ibinalik ang tingin sa papa niya para alamin ang totoo, pero sa sahig na ito nakatingin.

“Nagkaroon ng malaking problema ang kompanya. Ang lolo ni Matthew ang tumulong sa atin. Hindi ko na alam ang nangyari. Basta, nagising na lang ako, almost seventy five percent ng shared capital nasa kanila na. Halos sila na rin ang may authority sa opisina. Kung hindi ako gagawa ng paraan, ilang buwan pa, magiging kanila nang lahat ng pinaghirapan namin ng lolo mo.”

“Pero bakit kailangan ko pang pakasalan ang Jimenez na iyon?” Tuluyan na siyang napaiyak. Isipin pa lang ang magiging buhay niya kasama ang lalaking hindi naman niya kilala, natatakot na siya. “Bakit ako ang kailangang mag-suffer ng lahat?”

“Wala na akong maisip na ibang paraan. Kung magpapakasal ka kay Matthew, may panghahawakan

pa rin tayo sa kompanya. Mabait naman si Matthew. Siya din ang nag-iisang tagapagmana ni Mr. Jimenez. Kilala siya bilang Chief Financial Officer ng *Senwell Hotels*. Para din naman sa 'yo ito. Para sa maganda mong future kaya ipagpasalamat mo na lang."

"Puwede bang tumulong na lang ako sa kompanya at huwag nang magpakasal?" desperada na niyang tanong.

"Kung noon mo pa naisip 'yan, siguro nga may nagawa ka pa."

Hindi siya nakaimik. Siguro nga, tama ito. Kung hindi niya inuna ang paglalagalog, siguro nga, may maitutulong siya.

"Kung gusto mo talagang makatulong, pakasalan mo si Matthew Jimenez." Iniwan na sila ng ama sa sala.

"Summer, please, makinig ka na lang sa papa mo." Iyon lang at sumunod na rin ang ina sa ginoo.

Naiwan siya na hindi pa rin alam ang gagawin.

Nang nakahiga na, nabuo ang desisyon ni Summer na hindi siya susuko. Hindi na siya nakatulog pa at nag-isip na lang ng mga alternatibong paraan para hindi matuloy ang kasal, pero walang pumasok

sa kukote niya. Isa lang ang may sense sa mga naisip niya na mga walang kwenta.

Kailangan niyang kausapin muna si Matthew Jimenez. Tatal, hindi naman siya lang ang ikakasal.

“Good morning, Ma’am,” nakangiting bati sa kanya ng receptionist sa lobby ng hotel. May hitsura ang babae at simple ang makeup. “How may I help you?”

“I need to see the CFO.”

Halatang nagulat ito sa sinabi niya. “Do you have an appointment, Ma’am?”

She raised an eyebrow. Hindi na niya kailangan ng appointment. “No.”

“Gusto n’yo po bang tawagan ko ang secretary niya para ihingi kayo ng appointment, Ma’am?” magalang na tanong nito, pero ikinaasar niya.

“I don’t need an appointment. Gusto ko lang siyang makausap. Sabihin mo na lang kung saan at ako na lang ang pupunta.” Baka mamaya, abutin pa siya ng hapon, eh, kaunting minuto lang naman ang itatagal ng pag-uusap nila.

"I'll call his secretary, Ma'am. Please wait for a moment. May I know your name and your reason for coming?" Iniangat na nito ang telepono.

"Summer Chen. Alam na niya kung ano ang ipinunta ko dito. Puwede rin bang pakibilisan? Nagmamadali ako." Nakita niya ang pagtaas ng isang kilay ng receptionist. Siguradong naaasar na ito sa kanya.

"Okay, Ma'am." Nagbigay pa rin ito ng pekeng ngiti at tango. "Would you like to sit for a while?" Itinuro nito ang couch sa di kalayuan.

"No need. Nagmamadali ako. Kaya tawagan mo na kung sino ang dapat mong tawagan. Nasasayang na ang oras ko." Tinalikuran na niya ito. Wala siyang pakialam kung maasar at magalit man ito sa kanya. Kung asar ito, mas lalong asar siya.

Asar na asar na si Summer sa tinatakbo ng buhay niya kaya huwag magpahara-hara ang kahit sino sa paningin niya kung hindi ay talagang madadamay ang lahat sa init ng ulo niya.

Napadako ang tingin niya sa painting ng isang magandang babae na nakasabit sa dingding sa bandang itaas ng pang-isahang couch.

The girl looked familiar, but she couldn't say

why. Nilapitan niya iyon at ineksamin. Magaling ang pagkakapinta. MRJ ang nakita niyang initials sa lower right corner ng painting.

“Ma’am, excuse.” Binalikan niya ang receptionist. “Sorry po, Ma’am, pero wala po si Mr. Jimenez sa office niya.”

“Did you mention it was Summer Chen who was looking for him?” Nauubos na ang pasensya niya. Gusto lang naman niyang makausap si Matthew Jimenez pero hinaharangan siya ng mga taong ito.

“Yes, Ma’am. Pero wala po siya sa office niya. Wala rin daw pong ibinilin si Mr. Jimenez sa secretary niya tungkol sa inyo.”

“Okay,” she said, trying to be calm. “Ituro mo na lang sa akin kung saang floor ang office niya. Doon ko na lang siya hihintayin.”

“Naku, sorry po, Ma’am. Hindi po namin kayo puwedeng paderetsuhin d’un. Company regulations lang po. Pero puwede n’yo po siyang hintayin dito sa lobby.”

“Bullshit!” Tuluyan nang kumawala ang tinitimpi niyang inis. Lalo lang dinadagdagan ng mga ito ang pagkaasar niya sa mundo.

Iniisip ba ng mga ito na masama siyang tao o may gagawin siyang masama kaya ayaw siyang patuluyin sa office nito? Nag-init na nang tuluyan ang ulo niya.

“Hindi mo ba alam kung sino ako?” Napalakas na ang boses niya kaya naging alerto ang guards sa tabi ng glass doors. Dalawa kaagad ang umagapay sa kanya.

“Ma’am, pasensya na po. Hindi po kayo puwedeng magtaas ng boses dito. Kung ipagpapatuloy n’yo po ang pag-eeskandalo dito, pasensya na po, pero mapipilitan kaming ilabas kayo,” sabi ng isa sa malumanay na tinig.

“Ipapatapon n’yo ako sa labas?” Tinawanan niya ang sinabi. Subukan lang ng mga ito. Gusto yata ng mga ito ang hiyaan, eh. “Mukhang hindi ninyo kilala kung sino ako.”

“Pasensya na po, Ma’am. Pero hindi nga po namin kayo kilala.”

“O, sige. Magpapakilala ako.” Nilakipan niya iyon ng nang-aasar na ngiti at pamamaywang. “In few more months, ako na ang magiging Mrs. Matthew Jimenez. At ang kauna-unahan kong gagawin kapag dumating ang araw na iyon ay ang tanggalin kayong dalawa sa trabaho, mga bobo!” Dinuro pa niya ang

dalawang guard.

“Anong kaguluhan ito?” Nilingon ni Summer ang nagsalita sa likuran niya at nakagat niya ang labi nang makita si Matthew na mukhang galit. Hinarap nito ang security guards na nasa tabi niya. “Ano’ng nangyayari dito?”

Naputulan na yata ng dila ang dalawang bantay kaya ang receptionist na ang sumagot. “Ah, Sir, si Ma’am—”

“We need to talk,” putol niya sa sasabihin ng receptionist. Hinarap niya si Matthew. Mabuti na lang narito na ang lalaki.

“Yes, I think we should,” he said with a piercing look.

3

Ramdam ni Summer ang biglang pagkabog ng dibdib niya. Parang nagsisimula na siyang matakot dito dahil sa uri ng tingin na ibinibigay nito sa kanya. Parang bigla siyang napahiya at gusto na niyang umalis doon para makalayo rito. Lihim na kinastigo niya ang sarili. Hindi niya dapat ipahalata rito na natatakot siya.

Nagsimula na itong maglakad at sumunod siya rito. Pumasok ito sa loob ng elevator kaya sumakay na rin siya. Walang nakisabay sa kanila at wala rin silang naging imikan kaya lalo siyang kinabahan. Kabisado na niya ang sasabihin kay Matthew kagabi pa lang ngunit ngayong sila na lang, parang nawala iyong lahat sa utak niya.

Ang malinaw lang sa kanya ay ang amoy ng pabango nito na nakakahalina at ang magandang tindig at katawan nito na nasisilip niya mula sa gilid ng kanyang mata.

Napakislot si Summer nang bumukas ang elevator. Lumabas ang lalaki at muli siyang sumunod dito. Marami pa silang nadaanang kuwarto bago narating ang opisina nito. Tumayo ang nasa cuarenta anyos na babae sa likod ng front desk nito nang

makita sila.

“Good morning, Sir. May—” Itinaas ni Matthew ang kanang kamay para patigilin ito.

Nagtuloy ito sa opisina at sumunod siya rito.

“Have a seat.” Itinuro nito ang visitor’s chair sa kanya.

Umupo siya roon at ito sa harapan niya. Sige ang pagpintig ng puso ni Summer. Nakalimutan niyang hindi nga pala niya ito lubusang kakilala at ngayon ay sila lang ang tao sa opisina nito.

Paano kung masama pala ang ugali nito? O kaya, manyak? Mukha pa namang takot ang mga empleyado nito sa kanya. Siguradong hindi siya tutulungan ng mga iyon. Ano ngayon ang gagawin niya?

May kumatok sa pinto at pumasok ang sekretarya nito.

“Coffee or tea for the visitor, Sir?”

“No need, Miss Emily,” he told the old woman. “Aalis din siya kaagad.”

Tumaas ang kilay ni Summer sa isinagot ni Matthew, pero hindi na siya nagkomento. Tumango

lang ang sekretarya nito at iniwan na sila.

“Didiretsahin na kita. Ayokong magpakasal sa 'yo,” simula ni Summer matapos marinig ang paglapat ng pinto.

He smirked. Lalo siyang nainis dito.

“It’s funny to hear that after you announced to my workers a while ago that you’d definitely be my wife.”

Hindi niya pinansin ang sinabi nito. Hindi niya kailangang magbigay ng paliwanag dito kung bakit niya ginawa iyon. “I-cancel na natin ang kasal.”

“Paano kung ayoko?”

Inaasar talaga siya nito. “Look... Alam kong hindi mo ako gusto.”

“Mabuti naman napansin mo,” sabi nito na may nakakalokong ngiti sa labi. “Kaya lang, hindi naman mahalaga sa akin kung sino ang pakakasalan ko. So consider yourself lucky dahil ikaw ang napili ni Lolo na mapangasawa ko.”

“Ha?” Hindi siya makapaniwala sa sinabi nito. Wala itong pakialam kung sino ang pakakasalan nito? “But we don’t love each other.”

Natawa si Matthew sa sinabi niya. “Ilang taon ka na nga?” Naglalaro pa rin ang nang-aasar na ngiti sa mga labi nito. Nagbuka siya ng bibig pero naunahan pa rin siya nitong magsalita. “You still believe in those fairy tale crap? Wala talagang ganoon. Grow up, will you?”

At pinagtatawanan siya ng walangya! “Paano kung sabihin kong may iba akong mahal?”

“Kung ganoon, binabalaan kita. I won’t let you cheat on me. Kaya tapusin mo na ang relasyon ninyo.”

“Bakit hindi mo na lang kasi i-cancel ang kasal?” Wala yatang magiging saysay ang lakad niya ngayon, salamat dito.

“Nakapayag na ako sa kasunduan. At meron akong isang salita. At bakit mo ba gustong-gustong ikansela ang kasal, eh, kayo naman ang makikinabang dito?”

“Yeah, right,” sarkastiko niyang sagot. Suko na siya. Wala siyang mapapala rito. Tumayo na siya para umalis.

“Bago ko makalimutan, meron nga pala akong mga kondisyon bago kita pakasalan,” saad ng binata.

“As if I want to marry you,” she hissed.

“Dahil kayo naman ang makikinabang, tama lang siguro na ako ang magbigay ng mga kondisyon. Una, magtatrabaho ka dito. Magsisimula ka bukas.”

“Inuutusan mo ba ako?”

“Oo. At pinagbabawalan din kita na ipagkalat o sabihin sa kahit na sinong empleyado rito na magpapakasal tayong dalawa. Pinakaayaw ko sa lahat ang tsismis.” Tiningnan niya ito na parang sinasabi na siya man ay hindi interesado na ma-link ang pangalan dito.

“At isa pa, simula bukas ay sa bahay ka na tutuloy.”

“Ha? Hindi pa nga tayo kasal, titira na kaagad ako sa inyo? Ano ka, sinusuwerte?”

“See you tomorrow, Miss Chen.” Tumayo na rin si Matthew at ipinagbukas pa siya ng pinto.

“No! You wouldn't see me.”

Hila ang dalawang may kalakihang traveling bag, plano ni Summer na dumaan sa kuwarto ng mga magulang niya para mag-iwan doon ng sulat. Pagkatapos ng naging usapan nila ni Matthew Jimenez, wala na siyang ibang maisip na paraan

para hindi matuloy ang kasal kundi ang maglayas. Sa pag-alis niya, mapipilitan ang mga Jimenez na gumawa ng bagong hakbang para makabayad ang pamilya niya.

Kapag maayos na ang lahat at hindi na niya kailangang magpakasal, saka na lang siya babalik para tulungan ang mga magulang niya na makabayad. Sabi ng papa niya, mabait si Mr. Jimenez. Hindi naman siguro nito kukunin nang buong-buo ang kompanya nila.

Hindi rin nawala sa isip niya ang posibilidad na mahanap siya kaagad ng mga magulang saan man siya magtago. Pero wala namang masama na subukan. Mas matatanggap niyang hindi siya nagtagumpay kaysa sa hindi niya sinubukan.

Pinili niyang umalis nang alas dos ng madaling-araw para walang makapansin sa kanya. Akala niya kasi ay tulog na ang mga magulang niya. Napaurong siya nang pagpihit niya ng pinto ng silid ng mga ito ay nakita niyang nakaupo ang mama at papa niya sa kama at nag-uusap.

“Umuwi na ba si Summer?” tanong ng papa niya.

“Malamang hindi pa. Alam mo naman ang anak mong iyon, paumagahan na iyon kapag gumigimik,”

sagot ng mama niya.

Wala yatang ideya ang mga ito na kanina pa siya sa bahay. Hindi pa siya lumalabas ng kuwarto niya simula nang dumating siya dahil busy siya sa pag-iisip at pag-eempake. Sanay naman ang mga ito na hindi siya naglalagi sa bahay kaya siguro hindi na nagtanong ang mga ito sa mga katulong nila kung nakauwi na siya.

Iwan na lang ang sulat ni Summer sa tapat ng pinto ng mga ito para makaalis siya nang hindi napapansin. Noon niya narinig ang pahagulhol ng papa niya. Napako siya sa kinatatayuan. Nakita niyang niyakap ng kanyang ina ang papa niya habang hinahagod ang likod nito. Alam niyang pati ang ginang ay umiiyak na rin.

“Tama na ’yan, Stanley.” Gumagaralgal ang boses nito.

“Tumawag kanina sa opisina si Matthew Jimenez.” Narinig niya ang pagsinghot nito. “Gusto raw niyang sa kanya muna tumira si Summer bago ang kasal. Marami pa raw dapat matutunan ang ating anak para maipakilala niya si Summer sa mga kaibigan niya.”

Ang walanghiyang iyon!

Gusto niya tuloy sugurin ngayon din ang lalaki at bigyan ito ng mag-asawang sampal.

Ang kapal ng mukhang laitin ako! At sinabi pa talaga niya kay Papa! Pakiramdam ba niya, perpekto siya? Eh, mukha namang sunog na kawali! Ang kapal!

“Ano ba itong nagawa ko? Ang gusto ko lang naman ay maibigay ang lahat-lahat sa anak natin,” narinig niyang umiiyak na sabi ng kanyang ama. “Ginawa ko ang lahat para mabigyan siya ng magandang kinabukasan. Ni hindi ko na nga siya nabibigyan ng panahon para masigurado lang na magiging maayos ang buhay niya kapag nawala na tayo. Maiintindihan ko kapag sinabi niyang galit siya sa atin at hindi na niya tayo kailanman mapapatawad.”

Nag-init ang mga mata ni Summer sa naririnig.

Totoong may kaunting tampo siya sa magulang niya. Simula pagkabata, hindi niya naramdaman na naroon ang mga ito. Palaging ang yaya lang ang kasama niya. Ni hindi pa nga niya nakakatabing matulog ang magulang niya. Hindi pa niya naidadantay ang ulo sa balikat ng mga ito at hindi rin niya alam ang pakiramdam na kalungin ng mga ito.

Wala ang mga ito tuwing sasabitan siya ng medalya. At hindi pa niya narinig na binati siya ng

mga ito kapag birthday niya. Ang natatandaan niya, nag-o-organize ang mga ito ng party para sa kanya at iniimbitahan ang mga taong hindi naman niya kilala.

Lahat ng mga simpleng bagay na inisip niyang magpapasaya sa kanya ay hindi niya naranasan dahil palaging abala ang mga ito sa pagpapalago ng negosyo.

Galit siya sa mga ito. Pero nang marinig ang kanyang ama na umiiyak nang ganoon, hindi na alam ni Summer kung ano ang mararamdaman niya. Hindi pa niya ito nakitang umiyak kahit kailan. Parang bato ang damdamin nito, hindi nakakaramdam ng kahit na ano.

Pero ngayon, dahil sa kanya ay umiiyak ito. Hindi na niya namalayan na hiram na rin pala sa luha ang kanyang mga mata.

“Ayoko rin sanang ituloy ang kasal,” patuloy ng kanyang ama. “Pero kapag ginawa ko iyon, wala tayong maipambabayad sa mga Jimenez. Matanda na ako. Hindi ko na masisiguro na matatapos ko iyong bayaran bago ako kunin ng Diyos. At mas gugustuhin ko pang mamatay kaysa makitang naghihirap ang anak ko sa pagbabayad ng utang na iniwan ko. Alam kong matinong tao si Matthew, pero natatakot pa rin ako para kay Summer.”

“Tama na nga iyan,” anang mama niya na nagpapahid ng luha. “Wala na tayong magagawa sa ngayon. Masakit man para sa atin, nakapangako na rin tayo kay Mr. Jimenez. Matalino ang anak natin. Sa simula, talagang magagalit siya. Pero darating ang panahon na... Maintindihan sana niya kung bakit natin iyon ginawa.”

“Hindi. Hindi iyon tama. Maghiwalay na lang tayo, Margarette.”

“Ano ba’ng pinagsasabi mo, Stanley?” Pati ang mama niya ay lumalakas na rin ang pag-iyak. “Mag-asawa tayo kaya magkasama nating lulutasin ito.”

“Hindi. Ayokong mahirapan kayo. Bukas na bukas din, mag-file ka ng annulment. At dalhin mo si Summer sa America. Ako ang may utang, kaya ako lang ang dapat magbayad. Hindi na nila kayo guguluhin kung maghihiwalay tayo.”

“Ayoko. Hindi ko gagawin iyon.”

“Gawin mo para sa akin at para sa ating anak, pakiusap. Ito na lang ang tanging paraan para maprotektahan ko si Summer.”

Tuluyan nang maingat na isinara ni Summer ang pinto. Pati ang harapan ng damit niyang suot ay basa na rin ng luha. Hindi na niya kayang makinig

Summer's Groom - Wynona Silva

pa sa usapan ng mga ito. Nilamukos niya ang hawak na sulat bago kumuha uli ng ibang masusulatan sa malapit na console table.